

**Mga umiiral at nakaplanong hakbangin
sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi**

Hong Kong Cyberport Management Company Limited

Ang Cyberport ay isang inobatibong digital na komunidad na may humigit-kumulang 1,600 start-up at panteknolohiyang kompanya. Pinamamahalaan ito ng Hong Kong Cyberport Management Company Limited, na buong pagmamay-ari ng Pamahalaan ng Hong Kong SAR. Sa hangarin nitong maging sentro ng digital na teknolohiya nang sa gayon ay makalikha ng isang bagong tagapag-andar ng ekonomiya para sa Hong Kong, ang Cyberport ay nakatuon sa pag-aalaga ng isang buhay na buhay na ekosistemang panteknolohiya sa pamamagitan ng paglilinang ng talento, pagtataguyod ng diwa ng pagnenegosyo sa mga kabataan, pagsusuporta sa mga start-up sa kanilang pag-usbong, pagtutulong sa pag-unlad ng industriya sa pamamagitan ng pagtataguyod ng estratehikong kolaborasyon kasama ng mga lokal at internasyonal na partner, at pagsasanib-puwersa ng bago at tradisyonal na ekonomiya sa pamamagitan ng pagpapabilis ng digital na transpormasyon sa pampubliko at pribadong sektor.

Mga Serbisyo

- Pag-oorganisa ng mga kaganapan, pagsasanay, at mga programa ng inkubasyon upang mapayabong ang mga talento sa digital na teknolohiya
- Pagpopondo at iba pang mga serbisyo kabilang ang co-working na espasyo at suporta sa market outreach para sa mga start-up at negosyante
- Pag-oorganisa ng mga kaganapan at aktibidad upang mataguyod ang digital na transpormasyon ng mga negosyo at ang pagpapaunlad ng industriya

Mga Umiiral na Hakbangin

- Ang pangkompanyang impormasyon at mga programa ng Cyberport ay nailathala sa opisyal nitong website sa dalawang wika (Ingles at Tsino) para sa publiko.
- Ang mga serbisyo sa paghahawak ng mga katanungan at reklamo ng Cyberport ay ibinibigay sa parehong pasulat at pasalitang Tsino at Ingles.
- Ang mga programa at kaganapan ng Cyberport ay

nasa wikang Ingles at/o Tsino kung naaangkop.

- Ang mga regular na pagsasanay ay inoorganisa kasama ang Equal Opportunities Commission para sa lahat ng kawani upang palakasin ang kanilang pag-unawa sa Mga Ordinansa ukol sa Pantay-Pantay na Oportunidad at ligal na pananagutan para sa mga pagkilos na labag sa batas.
- Ang mga tuntunin ng pantay-pantay na oportunidad sa pagtatrabaho ay nakapaloob sa “Kodigo ng Asal at Etika sa Negosyo” para sa lahat ng kawani.
- Pana-panahong nirerepaso ng Cyberport ang mga serbisyo nito at gagawa ito ng mga pagpapabuti kung kinakailangan habang isinasaalang-alang ang mga puna/mungkahi ng mga kawani nito at miyembro ng publiko.
- Palalakasin ang pagsasanay sa mga kawani sa pakikipagtulungan ng Equal Opportunities Commission at iba pang mga kaugnay na organisasyon kung naaangkop.

Pagtatasa ng
Pagganap sa
Hinaharap

Mga
Karagdagang
Hakbanging
Ginawa/Gagawin

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at nakaplanong hakbangin sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan sa Cyberport sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -

Telepono : 3166 3800
Fax : 3166 3118
Email : enquiry@cyberport.hk
Direksiyon : Level 6, Cyberport 2, 100 Cyberport Road, Hong Kong

Hong Kong Cyberport Management Company Limited
Enero 2021